

1

“Sabihin mo nga, Pinsan, ano ba ang tunay na dahilan para iwanan mo ang highly-successful career mo sa New York at bumalik dito sa Pilipinas?” curious na tanong ni Lee sa pinsang si Mike nang sorpresahin niya ito isang gabi ng kanyang pagpabalik buhat sa Amerika, matapos ang halos limang taon ng pamamalagi roon. Nagtapos siya ng business degree sa isa sa mga kilalang universities roon. Hindi nagtagal ay nagawa na rin niyang bumuo ng successful career sa mundo ng advertising via working in one of the most prestigious advertising firms in the world.

“Hindi ba kanina ko pa sinabi sa ’yo that my dad asked me to handle *Oracle* dahil plano na niyang mag-retire. So being the dutiful son that I am, I agreed,” kibit-balikat niyang tugon pertaining to the advertising firm owned by his family.

Subalit sadyang hindi ganoon kadali makumbinsi si Leonard Lopez. “Oh, come on, Michael Lopez! Tayo ba naman magbобohan pa? I know how contented you are with your job in New York at wala sa plano mo ang ipagpalit iyon kahit pa sa chance na maging presidente ng *Oracle*. You’ve always stated that you

Nights With A Stranger - Terri Dizon

wanted to make a name for yourself outside your family's influence. Bakit bigla na lang ngayon nagiba ang ihip ng hangin? Tapatin mo nga ako, ano ba talaga ang nangyari sa 'yo sa New York at nagawa mong talikuran ang lahat ng pinaghirapan mo doon?"

Matapos lagukin ang natitirang scotch sa kanyang baso ay noon nakapagdesisyon si Mike na ibunyag ang totoo. "I needed to start anew..." panimula niya. "Hindi ko kayang patuloy na manirahan doon. It just hurts too much."

"What do you mean? Nagkahiwalay ba kayo ni Iya?" tanong ni Lee na napaderecho ng upo.

"She cheated on me," tiim-bagang na sagot ng binata na napahigpit ang hawak sa wala nang lamang baso.

"Bartender, another glass of scotch please..." tanging nasabi na lamang ni Lee. Sadyang hindi ito makapaniwala sa natuklasan dahil ang buong akala nito ay perpekto ang relasyon ng dalawa. Apparently, it had not been so. He could just imagine the kind of pain his cousin was going through, knowing how much he loved her.

"Ang hirap-hirap, Pinsan. Ni hindi ko magawang maglagi sa apartment ko, as every spot, every corner

just reminds me of her,” patuloy niya.

“Maybe she is not really the girl for you. Huwag kang mag-alala, Pinsan, makakahanap ka rin ng babaeng nararapat para sa ’yo. ’Yung tunay kang mamahalin...”

“I don’t know what to think about anymore,” tanging naging balik niya saka tinungga ang baso ng scotch.

Makalipas ang ilang minuto ng pakikipag-iinuman ay umuwi nang mag-isa si Mike. Subalit sa gitna ng pagmamaneho ay tila may nagtutulak sa kanyang pumasok sa isang bar na nadaanan sa Makati. Kaagad niyang sinunod ang nadamang iyon dahil na rin sa pangangailangan niya pa ng alcohol na inaasahan niyang makakapagpatulog sa kanya sa malungkot na gabing iyon. Parking his car on one of the empty slots, that familiar loneliness and misery started to engulf him again.

“Girl, sabihin mo nga sa akin, panget ba ko?” tanong ni Cathy sa best friend na si Krista isang gabi na nagkasundo silang pumunta sa isang sikat na bar sa Makati.

“Hello, okay ka lang? Ang 2006 Miss Advertising

Nights With A Stranger - Terri Dizon

ng UST nagtatanong kung panget siya? Aba, kung panget ka ano pa'ng tawag mo sa aming mga normal na nilalang?" wide-eyed reaction ni Krista na halos mabilaukan sa kaiinom pa lamang na margarita.

"Eh, kasi naman hanggang ngayon member pa rin ako ng *No Boyfriend Since Birth club!*" dismayado niyang lahad.

"Wala naman sa hitsura mo ang problema, nasa ugali mo!"

"Ha? Bakit masama ba ang ugali ko?"

"Timang! Ano ba 'yang pumapasok sa isip mo?" napakamot-ulong balik ni Krista. "Ang ibig kong sabihin, napakapihikan mo! 'Sangkaterba ang mga nagkakagusto sa 'yo, pero wala ka namang pinapansin ni isa 'tapos ngayon nagwo-worry ka na hindi ka pa nagkaka-boyfriend kahit minsan!"

"Eh, wala naman kasi akong magustuhan sa kanila. Wala talaga akong maramdamang spark!" ani Cathy na mahinhing sumipsip ng kanyang Cosmopolitan vodka.

"Alam mo sa kakahanap mo sa spark na 'yan, mamaya maging matandang dalaga ka na!"

"Ano'ng gagawin ko, Girl? My heart is just

Nights With A Stranger - Terri Dizon

downright stubborn. Mahirap 'tong turuan kung sino ang gugustuhin."

"Eh di, magtiyaga kang maghintay d'yan sa spark na hinahanap mo. Who knows, the guy who can make you feel that, might just be inside this bar. You just have to be vigilant—" Naputol sa pagsasalita si Krista nang makatanggap ng text message buhat sa nobyo. "Naku, Girl, nasa labas na raw si Paolo. Sigurado ka bang okay ka lang rito? Or we could drop you home if you want," pag-offer nito na hindi maiwasang makaramdam ng guilt.

"Don't worry about me okay lang ako. Magpapasundo na lang ako kay Mang Dexter mayamaya," pag-assure niya as she squeezed her hand. "Sige na, lumabas ka na at baka naiinip na sa kakahintay sa 'yo si Paolo doon."

"Sige, basta I'll call you," huling sabi ni Krista matapos makipagbeso-beso.

Kahit pumasok na sa kanyang isipan na tawagan ang kanilang driver at magpasundo, it seemed like a voice inside of her was telling her to stay. "Another Cosmopolitan vodka please..."

Normally, may kaingayan at karamihan ang tao sa lugar na iyon, pero nang gabing iyon ay subdued

Nights With A Stranger - Terri Dizon

ang atmosphere animo nakikisama sa pag-iisang nadarama niya.

“Scotch on the rocks, please...”

Papatawag na sana si Cathy sa kanilang bahay upang magpasundo sa driver nang mapatigil siyang bigla sa pagda-dial sa cellphone matapos mapukaw ang kanyang atensyon ng malalim na tinig ng isang lalaki.

Oh my, what a sexy voice! may pangingilabot niyang naisip. Dahil na rin sa hindi sanay sa pakikipag-flirt sa mga lalaki, it took her a while to decide whether she would look up to see the man, who was just sitting at the stool right beside her. Subalit hindi na rin siya nagkaroon pa ng pagkakataon na tapusin ang pag-iisip matapos ang lalaki na mismo ang nagsimula ng conversation.

“Can I buy you a drink?”

Cathy reluctantly looked beside her and to her amazement, she realized that the owner of the sexy voice was an even sexier man. “Huh? Uhmm, sure...” halos magkandautal niyang balik.

“Bartender, please give the lady her preferred drink,” utos nito sa lalaki sa likod ng counter.

Subalit hindi pa man natatapos ihanda ng bartender ang Cosmopolitan vodka ng dalaga, the guy made a proposition which seemed to have turned Cathy's mind hazy.

"I've got a better idea. I know just the right place where we could get to know each other better..."

Pagkpasok na pagkpasok pa lamang sa pintuan ng condo unit ng lalaki ay hindi na ito nag-aksaya pa ng panahon at sinimulan nang buksan ang mga butones ng blouse ni Cathy.

Kahit pilit mang umaapila ang isipan ng dalaga sa pinatutunguhan ng mga pangyayari ay sadyang walang laban iyon sa kanyang nararamdaman nang oras na iyon. She could not actually explain what it was with him that made her feel so weak to fight the kind of desire she was feeling for the first time.

With her bra taken off, he fondled her ample breasts as he torridly kissed her on the mouth. After a while, she felt his hands opening the zipper of her pants and groping on her wet and aching part down there. This time, she felt herself protesting; her mind started to question what she was doing. But the guy upon sensing it had actually become more aggressive

Nights With A Stranger - Terri Dizon

with his touch and kisses which eventually rendered Cathy helpless.

Kumawala ang impit na sigaw mula sa bibig niya.

Ilang sandali pa ay binuhat na siya ng lalaki patungo sa kuwarto nito kung saan ay inilapag siya sa malawak nitong kama. Tuluyan na ring tinanggal nito ang bukas niyang pantalon na siyang nakapag-expose sa kanyang mala-diyosang hubog ng katawan at mala-porselanang kutis.

Again, the guy wasted no time and started to undress himself thereby exposing to Cathy's virgin eyes his Adonis-like physique. As he slowly descended upon her, his lips started to travel from her mouth, down to her neck, lingering on her nipples while his fingers settled on her already stimulated clit. She felt them gently inching their way inside of her which evoked some form of pain in her. That did not last for long as the pleasure overpowered it eventually, more so when the guy thrusted his aching manhood inside her.

Kung kanina ay nanaig pa ang hiya sa dalaga, ngayon ay wala na iyong lugar sa kanya as she totally allowed herself to let go of her cries of pleasure and pain.

Napabulalas si Cathy nang magising siya kinabukasan na tanging kumot lamang ang nakatakip sa walang saplot sa katawan, habang katabi sa kama ang isang estranhero sa loob ng isang kuwartong kapwa hindi niya kilala.

Subalit unti-unting napawi ang pangamba niyang iyon nang mapukaw ng lalaking himbing na himbing sa pagtulog ang kanyang buong atensyon. Looking at him made suddenly melted all her worries and fears away. At nang kapain ang sariling damdamin, nakapagtatakang wala siyang pagsising naramdaman.

Malayo na sana ang nararating ng kanyang pagpapantasya nang biglang magmulat ang lalaki at bigyan siya ng tingin na tila nagtataka. Ilang sandali ay tila bumalik sa isipan nito ang buong pangyayari at kung paano humantong siya sa tabi nito.

“Hi, good morning...” nahihiyang bati ni Cathy na halos hindi makatingin nang deretcho sa mga mata nito.

“Good morning,” dagling balik ng lalaki na kaagad tumayo mula sa kama na suot lamang ang boxer shorts. “Ahmm... I’ll... just prepare our

Nights With A Stranger - Terri Dizon

breakfast,” wala pa rin sa sariling turan nito. Kumuha ito ng shirt sa closet at isinuot iyon.

Sa totoo lamang ay nakaramdam ng pagkadismaya ang dalaga dahil hindi iyon ang ini-expect niyang patutunguhan ng kanilang umaga. She was hoping for some cuddling in bed as they whisper sweet nothings to each other.

*Hello! Hindi naman kayo magboyfriend-girlfriend!
You barely know each other, how can you expect such things!*

Imbis na patuloy pang pag-isipan ang bagay na iyon, nag-decide siyang sundan ang lalaki at tulungan itong mag-prepare ng breakfast nila. *Sigurado that's how we'll get to know each other better, kinikilig niyang naisip.*

“Oh, I’m sorry,” nabiglang sabi ng lalaki na kaagad napatalikod at napalayo matapos siyang makita sa gitna ng pagsusuot ng kanyang panties.

Kahit si Cathy ay binalot ng matinding hiya at dali-daling nagbihis. Kinalma niya ang sarili bago tuluyang lumabas at hinarap ang lalaki na kasalukuyang may kausap sa cellphone.

“All right, I’ll be there,” huling sinabi nito bago tuluyang tinapos ang pakikipag-usap at hinarap siya.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“Ahm... I’m sorry I wasn’t able to get your name last night.” Napakamot ito sa ulo.

“I... I’m Cathy,” equally ay naiilang niyang balik.

“I’m Mike. Ahm... Cathy, I’m really sorry. Gusto ko pa sanang makipag-usap sa ’yo, to get to know you. Actually, I was about to prepare our breakfast kaya lang biglang tumawag ’yung mga tao sa opisina saying that I need to be there in an hour’s time. I don’t think we can push through with our breakfast. I’m really sorry...”

“Oh, no problem. Kailangan ko na rin namang umuwi at maghanda sa pagpasok ko...” balik niya na pilit ikinukubli ang dismay. Sa bawat hakbang na tinatahak niya patungo sa pintuan, hindi niya maiwasang makaramdam ng alinlangan. Alam niya kasing maaaring iyon na rin ang kanilang una at huling pagkikita.

Damn it, Cathy! Do something! Initiate! Give a hint that you would want to see him again! Sa kabilang mariing bulong na iyon sa kalooban ay nanaig pa rin ang pagiging konserbatibo niya.

“Thanks for last night... I... I had a wonderful time,” may pagkailang na sabi ni Mike nang marating nila ang pintuan. “It was nice to meet you, Cathy...”

Nights With A Stranger - Terri Dizon

Hearing those words, tuluyang nauwi sa pagkabigo ang nararamdaman ng dalaga. She knew from the sound of his voice and the way he acted that that would be the first and last time that they would ever be together. “It...It was nice to meet you, too, Mike. Goodbye...”

“What! You had a one-night-stand with a total stranger?” di-napigilang bulalas ni Krista matapos ikuwento rito ng best friend ang nangyari noong nakaraang gabi.

“Huwag ka namang maingay please. Mamaya may makarinig sa ’yo, mag-iba bigla ang tingin ng mga tao rito sa akin,” nangangambang pakiusap ni Cathy habang iginagala ang mga mata sa opisina na mabuti na lamang ay mangilan-ngilan lamang ang tao at malayo pa ang mga cubicles sa kanilang kinalulugaran.

“Oh, my God! I really can’t believe it. Ikaw, ang babaeng saksakan ng konserbatibo, nakipag-one-night-stand,” patuloy pa rin nito na bagaman pabulong na ngayon. “Tell me, how did this happen? Saan mo nakilala ’tong guy na ’to? Where did you do it?”

Nights With A Stranger - Terri Dizon

Sa mahinang tinig ay ikinuwento niya rito ang nangyari, minus the intimate details of course. Hindi pa rin niya lubusang maintindihan kung ano ba ang dapat niyang maramdam. A part of her felt offended, for it seemed like she was taken advantaged of. But it was never strong enough to counter the incredible feeling of happiness that she felt while she was with Mike.

“Sabihin mo nga sa akin ano ba ang hitsura ng lalaking ito at bigla na lang naglaho ang pagiging Maria Clara mo. He must be really super hot for you to have lost yourself!”

“He looks like...” Natigilan siya nang mapadapo ang mga mata sa parating na grupo ng kanilang executives na may kasamang pamilyar sa kanya. “He looks like him... ‘cause it’s h-him,” nagkandautal niyang sabi habang patuloy na pinagmamasdan si Mike na walang kamalay-malay sa kanyang presensya.

“Oh, my God! That’s Mike Lopez!” pagkilala ni Krista na halos malaglag ang panga nang sundan ng tingin ang tinutukoy niya. “You mean you slept with Mike Lopez?”

Dahil medyo tahimik sa paligid ay narinig ng binata ang pagbanggit sa pangalan na naging dahilan ng paglingon nito sa kanilang direksyon.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“Shit! Krista he heard you,” puno ng pangambang saad ni Cathy na kulang na lamang ay maihi sa kinatatayuan dahil sa labis na kabang nadarama. Susubukan pa sana niyang magtago sa loob ng kanyang cubicle subalit papalapit na si Mike sa kanila.

“Cathy, is that you?” napakunot-noong pagkilala nito sa kanya.

Dahil wala nang lusot, dumerecho ng tayo ang dalaga at hinarap ito. “H-hi, Mike!” balik niya na ang pakiramdam noong panahong iyon ay nasusunog na ang kanyang pisngi sa labis na kahihiyain. Narinig kaya nito ang sinabi ni Krista? Ano na lang ang iiisipin nito kapag nagkataon?

“So you work here...” balik ni Mike who despite the calm exterior was also feeling a great deal of awkwardness inside.

“Yeah. I’m... I’m a creative assistant here,” aniya na hindi pa rin makapaniwala sa pinatutunguhan ng mga pangyayari.

“Hindi ko alam na magkakilala na pala kayong dalawa,” singit ni Lee, kasunod ng makabuluhang tingin sa pinsan.

“Uhm, yeah. We met last night... at the bar.”

Lee could sense his cousin's discomfort but he did not want to interrogate him in front of their employees. "Since you're already here," panimulan nito na nilakasan ang tinig upang kumuha ng atensyon ng ilan pang employado na nagsitayuan na mula sa kanilang mga puwesto at pinalibutan sila. "I would like to present to you our new president, my cousin, Mike Lopez. He will be taking over the position vacated by his father..."

Habang isa-isang nagbigay ng kanilang pagbati ang mga employado ay siya namang pananahimik ni Cathy, who was in total disbelief.

"Cathy, aren't you going to greet our new president?"

Nang marinig ang tinig na iyon ng kanilang VP for Finance na si Leonard Lopez at maramdamang pagsiko ni Krista sa kanyang tagiliran ay noon na lamang natauhan ang dalaga. "W-welcome to *Oracle Advertising*, Sir. I hope you will have a great time here."

"Oh, I'm sure my cousin will have a great time here," di-naiwasang tukso ni Lee. "So maiwan muna namin kayo. We still have to prepare for the formal announcement of our new President."

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“Oh, my God! I can’t believe na ang isang dropdead gorgeous hunk na tulad niya ang magiging presidente na natin ngayon. Girl, you’re so lucky at natikman mo ang isang katulad niya. Ako, tanggap ko na’ng hanggang pantasya na lang ang aabutin ko sa kanya!” kinikilig na ani Krista nang iwan sila ng mga executives.

“Ano ka ba? Puwede bang hinaan mo naman ang boses mo!” sita ni Cathy na kulang na lamang ay sabunutan na ito.

“Sorry, I just got excited. Hindi naman kasi araw-araw na nagkakaroon tayo ng isang presidente na akala mo ay Italian model na lumabas mula sa pages ng isang international magazine, ‘no!’” anito. “Pero, Girl, hindi ka ba nae-excite? Hindi ba parang destiny is bringing the two of you together?”

“Sa totoo lang, hindi ko na rin maiwasang mapaisip,” pagtatapat na rin niya as she sat behind her desk. “Kanina noong umalis ako sa bahay niya, I’ve already accepted that that will be the first and last time that we’ll be seeing each other. Pero ngayon, nandito siya and he’s gonna be working in the same company we’re in. This is all so strange for me...”

“Ano bang strange ang pinagsasasabi mo d’yan?!” bulalas ni Krista na nakaupo sa ibabaw ng mesa niya.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“Puwede bang tigilan mo na ’yang masyado mong pag-iisip! Mapa-praning ka lang sa pinaggagagawa mo, eh. Sometimes you need to loosen up and just go with the flow. Enjoy!”

Hearing those words, she was strucked. “Yeah, I’d better just go with the flow. This is what I want and what I prayed for—ang makilala pa siya nang lubusan. Siguro ito na ang sagot ni God sa dasal ko. He’s bringing him to me...”

2

“Can you please tell me what was that all about?” bungad kaagad ni Lee as soon as they entered Mike’s wide and spacious office.

“What are you talking about?” patay-malisya niyang balik habang tinatanggal ang coat na suot at inilalagay iyon sa likod ng kanyang silya. He was not comfortable talking about what happened between him and Cathy the previous night, even with his closest cousin.

“Puwede ba, Mike, tigilan mo na ako d’yan sa pagpapainosente mo!” napailing na sabi ni Lee habang umuupo sa silya katapat ng mesa niya. “Paano kayo nagkakilala ni Cathy?”

“Tulad ng sinabi ko, we met at the bar last night,” matipid niyang sagot sabay bukas sa kanyang cellphone at sinimulang basahin ang mga nagpasukang messages.

“All right, you met at the bar last night and I wouldn’t doubt something happened between the two of you. Halatang-halata naman sa awkwardness ninyo kanina, it was an image of the unexpected meeting

Nights With A Stranger - Terri Dizon

the day after a one night stand..." Ngumisi ito. "Bilib rin naman ako sa 'yo, Pinsan, ang lupit mo! Alam mo bang saksakan ng ilap 'yang si Cathy. Napakaraming lalaki rito ang nag-attempt pumorma d'yan, pero wala ni isa sa kanila ang nakalusot. Sa mga board meetings nga favorite topic of conversation 'yan, everybody just wants to have her. Pero malas nila, dumating ang hunk na si Mike Lopez, sa 'yo pala bibigay si Cathy."

"Will you please stop talking about her that way! Disenteng babae si Cathy. Ibahin mo siya sa mga babaeng nakikilala ninyo. She deserves to be respected." Hindi niya talaga nagustuhan ang tema ng pananalita ng pinsan.

"Oh, I'm sorry I didn't mean it," kaagad na balik nito. "Mukhang seryoso ka yata sa chick na 'to, ah. Siya na ba ang kapalit ni Iya?"

"Puwede ba, Lee, nandito ako sa opisinang 'to para magtrabaho, hindi para intindihin ang mga bagay na 'yan." Hindi niya iniaalis ang mga mata sa cellphone na hawak.

"Bakit ba ang init ng ulo mo? You should be happy that you got to know a gorgeous woman na maaaring makapagpakalimot sa 'yo kay Iya. Bakit nagkakaganyan ka pa rin?"

Nights With A Stranger - Terri Dizon

Sa wakas ay binitiwan ni Mike ang hawak at hinaram ito, “I don’t know. Hindi ko nga rin maintindihan ang sarili ko,” amin niya. “Although I barely know Cathy, but last night was pretty amazing. It’s weird, ngayon lang nangyari sa akin ito but at the same time I’m confused, I’m scared... after everything that had happened between me and Iya, hindi ko na alam kung paano ako magsisimula ulit...”

“Stop thinking too much,” payo ng pinsan. “Just let your feelings guide you. Sundin mo ’yan at hindi ka magkakamali...”

Dumating ang tanghali. Matapos asikasuhin ang mangilan-ngilang trabaho sa loob ng kanyang opisina, Mike decided to get out for a while and take a break. Ang plano niya sana ay lumabas muna ng building at pumunta sa café na nasa kanilang tapat lamang. Subalit nag-iba ang lahat ng kanyang balak nang makasalubong si Cathy na mag-isang naglalakad sa hallway.

“Hi, Cathy,” bati niya na may bahid pa rin ng pagkailang.

“H-hi, Mike—ahm, sorry. I mean, Sir...” nagkandautal na balik nito.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“I know may utang pa ako sa ’yong breakfast kanina,” napakamot niyang sabi.

“Oh, never mind, Sir, huwag mo na isipin ’yon.” Pinamulahan ang dalaga ng pisngi matapos bumalik sa alaala ang mga pangyayari nang umagang iyon.

“No, I want to make it up to you. Would you like to have lunch with me?” derecho niyang alok. Sinusunod niya lamang ang payo ng pinsan na tigilan na ang masyadong pag-iisip at sundin ang nadarama. And definitely being with her was what he wanted deep inside.

Hindi naman makapaniwala si Cathy sa pinatutunguhan ng mga pangyayari. “Sure!” balik nito na hindi naman naiwasang lumabas ang excitement sa tinig. “I would love to have lunch with you.”

Mike let out a sigh of relief. Sa kabilang kanyang pagiging habulin ng mga babae, hindi pa rin niya naiwasang makaramdam ng pag-aalinlangan nang pagkakataong iyon na baka siya ay ma-reject ng babae. “Tara, let’s get my car at the basement parking.”

Bata pa lamang ay may takot na si Cathy sa madidilim na lugar lalo na kung walang katao-tao. “Oh, God!” sigaw niya nang may marinig na kaluskos

Nights With A Stranger - Terri Dizon

sa hindi kalayuan. It was a dark, wide, spacious parking lot with only a few cars present. Karamihan kasi ng mga sasakyang ay naka-park na sa tapat ng kanilang building.

Hindi naman naiwasang mapangiti ni Mike nang mapalapit bigla ang dalaga sa kanyang tabi as if seeking for protection. “Hindi ko alam matatakutin ka pala.”

Natauhan si Cathy at biglang napalayo mula sa binata. “Hindi na nga naalis sa akin ito mula noong bata pa ako. Nakakainis nga, eh!” balik niya na pilit pinakakalma ang sarili.

Ilang sandali pa ay naramdamang niya ang paghawak ng malaking kamay nito sa kanyang palad and she felt all her fears melting away.

“Ngayon, natatakot ka pa ba?” tanong nito habang tinutungo nila ang sasakyang nito.

“Hindi na,” pag-amin niya. Sa buong buhay niya noon niya lamang naramdamang ganoong klase ng kaligayahan. *Where have you been all these years, Mike? I wish I had met you sooner.*

“Here we are,” hayag nito na binitiwan na ang kamay ng dalaga upang buksan ang passenger door ng *Range Rover* at papasukin siya roon.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“Thanks,” she returned shyly as she hopped inside the big car. Habang hinihatay ang pagpasok ng binata sa kabilang side ay nakaramdam siya ng paninibago. It was not the first time she was treated that way by a man, pero sa kauna-unahang pagkakataon ginawa iyong isang lalaking nararamdaman niyang tunay na espesyal para sa kanya.

“Wow, it’s really so dark in here and so quiet. Why do I suddenly feel like I’m in the mood for something,” saad nito ilang sandali matapos makapasok sa loob ng sasakyang.

Oh, what is happening? Are we going into that way again? napalunok na isip ni Cathy nang simulang i-trace ni Mike ang outline ng kanyang mukha gamit ang index finger nito, traveling to her neck down to the buttons of her blouse. Hindi na rin nagawa pang umigting ng pagkataranta ng dalaga matapos iyong patahimikin ng matamis na halik na ibinigay sa kanya ng binata. Ever so gently, he began opening the buttons of her blouse exposing her ample breasts. As he began to unhook her bra, he continued giving her those kisses which started out to be soft and gentle but later on gained passion. Then, his hands caressed her fully exposed breasts.

Pansamantalang inilayo ni Mike ang sarili kay

Nights With A Stranger - Terri Dizon

Cathy at ini-adjust ang sariling upuan, sliding it backwards, giving another person enough room to settle on top of him. She, in the middle of intense and blinding passion, took the hint and settled herself on top of him. Opening the buttons of his polo and allowed her hands to linger on his strong, well-chiseled body.

Mike was equally consumed with overwhelming heat; he planted his burning lips on Cathy's cleavage and let his tongue travel the distance toward her erected nipples. He sucked on them hungrily as his hands started groping for the inside of her flowing skirt, feeling her lacy panties. On the next second, he got his hands inside of it and fondled her smooth bottom.

Cathy was seemingly possessed by a force unknown; she began to open the zipper of Mike's pants and exposed his aching manhood. Taking off her own panties, she allowed him to gently ease himself inside of her.

Tender love, love so tender

Holding me close to you

Baby, I surrender...

With the song playing in the background they moved in a well-coordinated fashion as they both reached the pinnacle of their desires.

“That was not how I expected our lunch to be like,” basag ni Mike sa nakaiilang na katahimikan, moments after they dressed up and realized what they had just done.

“Ahm, M-Mike... may gusto sana akong sabihin sa ’yo,” turan ng dalaga na unti-unting binabagabag ng kanyang konsensya. Hindi niya maintindihan kung ano ba ang nangyayari sa kanya sa tuwing kasama ang binata that she would just completely lose her reason and become consumed with crazy desire.

“Ano ’yon? Anong gusto mong sabihin sa akin?” Biglang kinabahan si Mike. He could sense the tension building up inside of her and he began to get alarmed.

“I am... not that type of woman,” sa wakas ay nagawa niyang isaboses. “Hindi ako ito—I mean, I do not engage in one night stands or casual sex. This is just not me...” Napakaraming bagay ang gusto niyang ipaliwanag, subalit sadyang napakahirap para sa kanyang sabihin ang mga iyon.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“I know. I know you are a decent and nice woman who deserves to be taken seriously,” sinserong tugon ng binata. “Pagpasensyahan mo na kung ganito ang pinatutunguhan ng mga bagay...” Hinawakan nito ang kanyang kamay. “Pero puwede naman nating itama ang lahat.”

Feeling his warm hand on top of her cold and trembling hand, all of a sudden her entire body got frozen with alarm. “A-ano’ng ibig mong sabihin?”

He kissed her hand gently and popped the question, “Cathy, are you willing to be my girlfriend?”

“Y-your girlfriend?” di-makapaniwalang ultur ng dalaga na ang pakiramdam ay nasa loob siya ng isang magandang panaginip.

“Yeah, my girlfriend.” Mike could not help being amused at her bewildered reaction. “Unless may... boyfriend ka na.”

“No, I don’t have a boyfriend. Truth is, I’ve... I’ve never had a boyfriend in my entire life,” amin niya nang magawa nang i-regain ang composure.

“What? Parang ang hirap paniwalaan that a woman as beautiful as you ay hindi pa nagkakaroon ng boyfriend sa buong buhay niya,” bulalas nito.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“I guess, hindi ko pa lang talaga nahahanap ang right man before.”

“Hmm... ngayon ba nahanap mo na ang right man para sa ’yo?” tanong nito as he looked at her straight in the eye.

Inspite of the awkwardness and feeling as if she would melt in his gaze, she was very certain of one thing. “Oo, nahanap ko na siya...”

“Girl!” masayang bungad ni Cathy nang puntahan ang best friend sa condo unit nito matapos ang trabaho. Dahil nasa location shoot ng isang commercial ay wala si Krista sa opisina nang bumalik siya roon matapos ang lunch time.

“O, bakit nakipag-sex ka naman ba ngayon kay Brad Pitt at kilig na kilig ka d’yan?” taas-kilay nitong tanong matapos siyang pagbuksan ng pinto.

“Sira! Kaya ako nagkakaganito ay dahil... hindi na ako member ng NBSB club!” bulalas niya pagkapasok sa maliit ngunit eleganteng unit nito. “Mike asked me to be his girlfriend and I said yes!” Hindi niya mapigil ang kilig na bumabalot sa kanyang buong pagkatao.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

Natigil bigla si Krista sa paghahalo ng nilulutong adobo at hinarap siya. “He asked you to be his what?”

Ipinaliwanag niya rito ang mga pangyayari, choosing not to divulge what happened between them at the parking lot.

“Hindi ba parang ang bilis naman yata,” may pag-aalangang sabi nito. Pinatay nito ang gas range at ibinigay ang buong atensyon sa kanya. “You barely know each other...”

Sa totoo lang, hindi iyon ang reaksyong inaasahan niyang makukuha mula rito. Akala niya ay matutuwa ang kaibigan para sa kanya. “Yeah, I know. But I was just following my instincts, what I feel inside.” Bigla siyang napaisip kung tama nga ba ang naging desisyon. “I’m loosening up and going with the flow just like what you’ve said.”

Krista sat down in front of her at the dining table, took her hand and gave it a tight squeeze. “Girl, alam kong sinabi ko ’yon, but now that you’re in a relationship, try to take it easy. You know what I mean.”

“That I shouldn’t get too head-over-heels in love with him and take it slow?” aniya. “I know. Don’t worry about me, Girl, alam mo namang character ko

na ang pagiging rational, di ba?”

“Oo nga. But then alam mo naman ang pagibig, kahit na ang pinakamatalinong tao sa mundo nagagawa niyang maging bobo,” paalala pa rin ni Krista. “Ano ba ’yan, daig ko pa nito ang mommy mo kung mag-worry! Gosh, I’m feeling so old!” pabirong dagdag pa nito; trying to make things light. “But I’m happy for you, Cat, and don’t worry, I’ll just be right here behind you if you need me.”

“Thank you. Hindi ko talaga alam ang gagawin ko kung wala ka sa buhay ko,” napaluhang sabi ni Cathy sabay yakap dito.

Matapos ang ilang sandali ay naghiwalay ang dalawa. Krista stood up and prepared the adobo that she had cooked. “Grabe, itigil na nga natin ang kadramahang ito at kumain na lang tayo!”

“Ano ba talaga ’tong sorpresa mo sa akin?” naiintrigang tanong ni Cathy matapos siyang dalhin ni Mike sa bachelor’s pad nito. They have just ended another day at the office and both were excited to spend the rest of the day together.

“Kaya nga surprise, di ba? Bakit ko sasabihin sa ’yo?” balik ng nobyo na pinaupo siya sa living room.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“Just stay here while I cook our special dinner.”

“But I wanna help you,” protesta naman ng dalaga.

“Nope! I’m not gonna let you. Pabayaan mo na lang ako, just relax here or... if you really want to relax, I could help you. We could go to my room...” suggestion nito with a mischievous grin on his lips.

“You, naughty boy! Stop it okay,” babala ni Cathy sabay tulak dito patungo sa kitchen area. “You go there and I’ll just stay here.”

Hindi na siya umalma. Pinabayaan na niya ito sa kusina habang siya naman ay nanatili sa sala at nanood ng T.V.

“Are you sure okay ka lang d’yan, Hon? Puwede kong itigil ’tong ginagawa ko at samahan ka d’yan,” patuloy na tukso ni Mike.

“No, d’yan ka lang at tapusin mo na ang pagluluto. Nagugutom na ko, ayoko ng pinaghahintay!” biro ni Cathy with a fake demanding tone.

“Aba, hindi pa nga tayo mag-asawa, ina-under mo na kaagad ako!” Napatawa si Mike.

Naputol ang kanilang pagbibiruan nang may kumatok sa pintuan. “I’ll get it,” presinta ni Cathy na

masiglang tinungo ang direksyon niyon.

“I-is this Mike Lopez’s pad?” may pag-aalinlangang tanong ng babaeng bumungad sa kanya pagkabukas ng pinto.

“Ahm, yeah...” wala sa sariling tugon niya. May pangambang umusbong sa puso niya. Bakit hinahanap ng isang babaeng tila lumabas mula sa isang fashion magazine ang kanyang nobyo?

“Honey, sino ’yan?” untag ni Mike na pansamantalang lumabas mula sa kitchen at sinilip sila. Subalit laking sorpresa nito nang makita ang bisita. “Iya?”

“Oh, Sweetie, I missed you so much!” Nangingilid ang luhang napatakbo ito payakap sa binata. “Bakit hindi ka man lang nagsabi na uuwi ka pala ng Pilipinas?”

“Ano’ng ginagawa mo rito, Iya?” matabang na balik ng binata.

“Ano pa, eh di, following you!” mariing saad nito; napaatras ito mula sa pagkakayakap sa dating nobyo after sensing his lack of enthusiasm. “I know I’ve made a mistake in leaving you. And I’m so sorry. Na-realize kong ikaw talaga ang mahal ko and I want to start all over again. Please give me another

Nights With A Stranger - Terri Dizon

chance, I still love you,” dere-derechong hayag nito, unmindful of Cathy’s presence.

“It’s over, Iya. Please leave.” Matigas ang tono ni Mike.

“Mike, please...” may pagmamakaawang balik ni Iya.

“Utang na loob, Iya, umalis ka na kung ayaw mong kaladkarin pa kita palabas rito! Leave!”

May luha sa mga matang sumunod ang dalaga. Tanggap nito kung bakit ganoon na lamang ang pagtratong ibinigay ng dating nobyo. She had hurt him too much and she could not blame him for reacting that way toward her.

Samantala, napatalala si Cathy sa nasaknihang eksena. She totally was not expecting that a wonderful night with her new boyfriend would lead to something like that. “A-ano’ng nangyayari, Mike? Can you please explain to me what had just happened? Sino ang babaeng ’yon sa buhay mo?” kandautal niyang untag habang pilit nilalabanan ang mga luhang nagbabadyang umagos.

“Iya is my ex-girlfriend,” amin nito; nakasandal ang ulo sa nakapinid na ngayong pintuan. “I’m sorry at hindi ko sinabi kaagad ang tungkol sa kanya.”

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“You can tell it to me now. Alam kong nagsisimula pa lang ’tong relasyon natin, but I think may karapatan akong malaman ang tungkol d’on.”

He sighed deeply. “We were together for three years. I thought we had the perfect relationship until I saw her in bed with another man. My world was crushed at akala ko hindi na ako makakabangon muli, pero nakilala kita and I felt like I was given a whole new reason to live.”

Hindi malaman ni Cathy kung paano niya tatanggapin ang mga salitang iyon. She was happy to hear that from him, but at the same time, hindi niya maiwasang mangamba. Kahit pa labis ang sakit na idinulot ng babaeng iyon kay Mike, mas mahaba at mas malalim ang pinagsamahan ng mga ito at alam niyang wala siyang laban roon.

“Mike, alam mong bago pa lang ako sa mga ganitong bagay. Hindi ko alam kung paano ang paghawak ng relasyon. Hindi ko alam kung ano ba dapat ang sabihin ko o kung ano ang maramdaman ko sa ngayon. Pero ito lang ang gusto kong malaman, do you still want me to stay in your life? I’ll stay if you’d tell me and... I’ll leave if you want me to. Sabihin mo lang at kakayanin kong tanggapin kung ano man ang maging desisyon mo.”

Nights With A Stranger - Terri Dizon

Mabilis siya nitong hinila payakap. “What are you talking about? Of course, I want you to stay.” Mike kissed her on the forehead. “I’m with you now at hinding-hindi ako makakapayag na mawala ka sa buhay ko...”

Sa kabilang yakap at halik na ibinigay ng nobyo ay hindi pa rin lubusang matahimik ang kalooban ng dalaga. Ngunit pinili niyang panindigan ang naunang sinabi. “Okay, I’ll stay...”

3

“What! Umuwi si Iya dito sa Pilipinas?” dimakapaniwalang ulit ni Lee sa inihayag ni Mike. Naroon sila sa opisina ng huli nang umagang iyon. “But why would she do that? Hindi ba wala na siyang kamag-anak dito? Don’t tell me binabalikan ka niya?”

“Well, apparently, iyon ang balak niya,” tugon niya na isinantabi muna sa mesa ang storyboard na pinag-aaralan. “Dumating siya sa pad ko kagabi at the time na nandoon si Cathy.”

“So ano’ng naging reaksyon ni Cathy nang makita siya? Alam ba niya ang tungkol sa nangyari sa inyong dalawa noon?” usisa nito.

“Kagabi ko lang rin nasabi after makilala niya si Iya. She asked me to just tell her if I want her to stay in my life or I’d want her to leave...”

“And what did you say?”

“Of course, I said I’d want her to stay in my life because that is the truth. Siya na ang gusto kong makasama ngayon at hindi na si Iya.”

“Pero, Pinsan, tapatin mo nga ako, are you really

over Iya?”

Hindi pa man lubusang napag-iisipan ni Mike ang tungkol sa katanungang iyon ni Lee ay siya namang pagpasok ng kanyang ama sa loob ng opisina, kasama ang babaeng hindi na niya pinangarap na makita muli.

“What are you doing here?” bungad niya na napatayong bigla mula sa kinauupuan at hinarap ang mga di-inaasahang bisita.

“What do you mean by that?” turan ng ama na hindi na piniling itago ang pagkapahiya para sa kasama nito. “Iya visited me at home and I discussed to her the problem that we’re having regarding casting an image model for the soap commercial. And I realized na siya ang hinahanap natin kaya inoffer ko kaagad sa kanya ang commercial at walang kakurap-kurap, she said yes,” masayang bahagi ni Don Roberto Lopez.

“What! But I’ve already talked with Stephanie Marcelo,” tukoy niya sa isang sikat na young actress, “we are already finalizing the details with her talent manager. Hindi naman yata natin puwedeng ibasura na lang ang napag-usapan namin just because dumating si Iya?”

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“Can we talk in private, please?” Bumalik ang seryosong ekspresyon ng mukha ng matanda.

Nakuha naman nina Lee at Iya ang ibig sabihin ng matanda at kapwa lumabas ng kuwarto. Hindi pa man nagtagagal ang pagkakasara ng pinto ay inilabas na ng don ang tensyong kanina pa bumabalot sa kanya.

“Ano ba’ng problema mong bata ka? Bakit mo ‘kong ipinahihiya sa mga tao? Ilang taon ka lang naglagi sa Amerika, nakalimutan mo na akong galangin! Ano ba’ng ipinagmamalaki mo, ’yung career na naipundar mo sa New York? Eh di, bumalik ka doon. Alam ko namang hindi mo gustong magtrabaho para sa kompanyang ’to! Mabuti pang sabihin mo na sa akin habang maaga pa, dahil para sabihin ko sa ’yo napakarami ang nagkakandarapa na umupo d’yan sa puwesto mo.”

Mike sighed. “I’m sorry, Dad. Wala itong kinalaman sa trabaho. As much as I have enjoyed my career in the States, unti-unti ko na ring minamahal ang trabaho ko rito. At kung papayagan mo, gusto ko pa sanang maglagi sa posisyong ito,” paliwanag niya. Hindi niya maiwasang makaramdam ng pagsisisi sa tensyon at sama ng loob na naidulot sa ama. Sa kabilang kanilang mga di-pagkakaunawaan kung minsan,

he deserved to be treated with utmost respect.

Kahit paano ay kumalma rin ang matanda. “Kung ganoon, ano ba talaga ang problema mo? Is it Iya? I know may misunderstanding kayo. But she is a nice girl. Forgive her for whatever she have done and start all over again. Ganyan lang naman talaga ang relasyon, dumadaan sa mga pagsubok. Learn to roll with the punches,” payo nito.

“Dad, tapos na ang lahat sa amin ni Iya,” mariing tugon ng binata matapos umiling.

“If that’s the case, wala na akong magagawa at hindi ko rin naman gustong pakialaman ang bagay na ’yan. It’s your personal life; ikaw ang bahalang dumiskarte d’yan. Ang sa akin lang naman, baka puwede pa rin nating i-maintain ang professional relationship ninyong dalawa. Forget about your personal issues and focus on the job at hand. Iya is a very beautiful and powerful woman in the world of fashion. She is definitely a bigger star than that young actress that you’re eyeing. Mas malaki ang magagawa niyang impact para sa commercial natin,” patuloy nito.

Dahil na rin sa respeto sa ama, pinili ni Mike na maging democratic at huwag munang ipagpilitan ang nais. There was a spark of an idea that hit him

Nights With A Stranger - Terri Dizon

on how they could properly settle the matter. “Okay, Dad, ganito na lang ang gawin natin. Let’s meet with the people from *Caress* soap at hayaan na lang natin sila na ang magdesisyon regarding this. Okay lang ba sa inyo ’yon?”

It took Don Roberto quite a while to reach a decision. “Okay, just inform me when you’ve already scheduled a meeting with them,” anito in his deep, authoritative voice.

Sa wakas ay nakahinga nang maluwag ang binata.

“Late bloomer ka nga sa love department, pero ibang klase naman ang dinaranas mo. Masyadong makulay!” napabuntong-hiningang nasabi ni Krista habang papalabas sila ni Cathy sa elevator na naghatid sa kanila sa floor na pinagtatrabahan. Nailahad na niya sa kaibigan ang mga pangyayari nitong nakaraang araw.

“Ganito nga yata ang kapalaran ko, pero okay lang it’s all worth it,” balik niya; trying to see bright side of everything.

Papasok na sila sa cubicles nila nang matigilan sila matapos matapos makita kung sino ang paparating.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“Hi, Honey!” masigla ngunit may pagkailang na bati ni Mike. Kasama nito si Lee, ang ama nito at si Iya.

“H-hi, nandito ka na pala,” tanging nasabi niya na ganoon na lamang ang pagkabigla.

“G-good morning po, Don Roberto, Sir Mike and Sir Lee and... Ma’am,” magalang na bati ni Krista sa mga ito.

“*Honey?*” nasorpresang ulit ng don. “Hindi mo yata nasasabi sa amin, Hijo, that you are currently in a relationship.”

“I’m sorry, Dad. Bago pa lang kasi kami ni Cathy,” paliwanag ni Mike sabay lapit at akbay sa kanya. “But I’m planning to bring her to the house so I could introduce her to you and Mom. But since nandito na kayo, I would like to introduce to you my girlfriend, Cathy. She’s been working here for quite sometime now. Cathy, this is my Dad...”

“It’s a pleasure to meet you, Sir,” pormal na bati ng dalaga na hindi maiwasang makaramdam ng hiya sa matanda.

“Naaalala ko siya, madalas ko siyang makita dati rito,” saad ni Don Roberto. “You are a part of the Creative Department, right?”

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“Opo, I am a creative assistant here,” kumpirma niya.

“And Hon, na-meet mo na si Iya last night.”

Napilitan siyang tingnan ang magandang babae. “Yeah... it’s nice to meet you again.” Pilit niyang ipinapakitang okay siya kahit na ang totoo ay hindi siya komportable sa sitwasyon.

“Same here.” Hindi naman nito itinago ang pananabang na nadarama.

“Honey, ihahatid ko lang muna sina Daddy sa ‘baba. I’ll see you later?” paalam ng nobyo sa kanya.

“Sure, I’ll just be here.” She flashed her most assuring smile.

As they watched the four walk away, Krista let loose of her bitchy side. “Sus, iyon ba ang Iya na sinasabi mo? Parang tingting! No wonder ikaw ang pinili ni Sir Mike; walang sinabi ‘yon sa kagandahan mo. Para lang siyang lollipop na naglalakad!”

“Grabe ka naman. Siyempre model kaya kailangan maging sobrang payat,” depensa niya para sa dalaga.

“Huwag ka ngang plastic d’yan! Kunwari ka pang pinagtatanggol ’yang ex ng boyfriend mo!” tugon nito.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“Ah, basta kung supermodel man siya, ikaw naman ang *Miss Universe*! So talo mo pa rin siya because you have it all—beauty, brains and a terrific personality. Eh, siya hanggang body lang and maybe a little bit of beauty na mukha pang enhanced. Nakita mo ba ’yung ilong, parang tumabingi, di ba?”

“Puwede ba, Krista, tigilan mo na ’yang panlalait mo at baka makarma ka pa d’yan,” napapailing na sabi ni Cathy habang papasok sa cubicle niya.

“May gusto sana akong sabihin sa ’yo...” panimula ni Mike. Niyaya si Cathy ng nobyo na mag-lunch sa isang Italian restaurant.

“Para namang bigla akong natakot. You look so serious, ano ba ’yun?” amin niya sa tunay na nararamdamaman.

“It’s Iya...”

“What about her?” She was alarmed upon hearing that name from him.

He cleared his throat. “Si Daddy kasi, gusto niyang si Iya ang gawing image model ng *Caress*,” bunyag nito.

“Paano si Stephanie Marcelo? Hindi ba under

negotiation na kayo ng manager niya?” tanong niya.

“Iyon nga ang problema. I tried telling that to Dad but he was very insistent on putting Iya on the ad. So I suggested na hayaan na lang namin ’yung mga tao from *Caress* soap to decide kung sino ang pipiliin nila bilang endorser. And kanina nga, nagkaroon ng meeting with them and they chose Iya.”

“So that means that I’ll be working with her...” Iniiisip pa lamang ni Cathy ang ideyang iyon ay parang gusto na niyang umatras sa trabaho.

“I’m really sorry that you have to go through this. Alam kong hindi madali para sa iyo ang mga nangyayari,” saad ni Mike na hindi maiwasang makonsyensya. “But you could back out of the job kung hindi ka komportable makasama siya. I’ll just tell the ones in charge to assign you to another commercial,” suggestion nito.

For a while, na-tempt rin si Cathy na pumayag doon, pero na-realize niyang hindi magiging maganda ang epekto niyon sa mga katrabaho. Baka isipin ng mga ito na dahil nobyo niya ang presidente ay nagagawa na niya ang kahit anong naisin. Isa pa, alam niyang hindi rin maganda para sa sarili na takbuhan niya ang bagay na nakakapagtahirap sa kanya, imbis na hinaharap ito.

Nights With A Stranger - Terri Dizon

“No, you don’t have to do that. I’ll do the commercial with Iya. I can manage it,” aniya.

“All right, if that’s what you want,” tanging nasabi ni Mike. “You know, I can’t stop thanking God for giving me a girlfriend like you na bukod sa napakaganda, sexy at matalino ay napakabait at ubod pa ng understanding. I really am so blessed for having you in my life,” sinserong saad nito sabay halik sa kanyang kamay. “Thank you for choosing to stay with me...”

Ngumiti siya. “Basta isa lang ang hiling ko sa ’yo—if you don’t want me anymore sabihin mo lang sa akin nang derecho. Ayoko kasing nakikisama ka lang sa akin just because naaawa ka or... for some other reason.”

“That will never happen dahil hindang-hindi ko gugustuhing mawala ka sa buhay ko. I want you to stay with me for the rest of my life...”

Hindi maintindihan ni Cathy kung bakit sa kabilang pagiging sincere ni Mike ay hindi niya iyon lubusang maramdam. *Is it because of Iya’s presence in our lives now? Na para siyang isang malaking anino na parating nakasunod sa aming dalawa ni Mike.*

Nights With A Stranger - Terri Dizon

Dumating ang araw ng shooting ng commercial ni Iya. Ginanap ito sa isang condo unit kung saan ay ipapakita ang modelo na kunwari ay naghahanda siya para sa kanyang date with her boyfriend. At siyempre sa kanyang pagligo ay gagamitin niya ang *Caress* soap na magbibigay sa kanya ng smooth, white skin na ikabibighani ng boyfriend niya na ipo-portray ng isang sikat na male Brazilian model.

As Cathy was busily preparing for the shoot ay nilapitan siya ni Iya.

“Hi,” matipid na bati nito na nakasuot lamang ng bathrobe in preparation for her bathtub scene.

“Hello,” balik niya kahit naiilang.

“Hindi na ako magpapaliguy-ligoy pa. I did not approach you because I wanted to be friends with you, nor do I want to exchange notes with you regarding Mike’s relationship style. I’ll be direct with you. I went back here in the Philippines para bawiin siya. I know you don’t know me that well yet, kaya magpapakilala ako sa ’yo. I am the type who does not easily give up. And in my whole life wala akong ginusto na hindi ko nakuha. So if I were you ie-enjoy ko na ang nalalabi kong araw kasama si Mike, ’cause I will soon get him back. I know how much he loves me. I am his world. I am the love of his life. It may

Nights With A Stranger - Terri Dizon

not be that apparent right now because he still could not shake off the pain that I caused him, pero ang tunay namang pag-ibig ay hindi nawawala. Alam ko, sa bandang huli, ako pa rin ang babalikan niya. Don't fool yourself, he's just using you as his crying shoulder. Kapag okay na siya, sa akin pa rin siya babalik. It already happened before when we cooled off for a while. He found another woman but in the end he still came back to me. Kaya beware... Tandaan mong mas mahaba ang pinagsamahan namin at mas malalim ang pag-ibig namin.”

Inspite of the many things that she had wanted to say to defend herself and her love for Mike, Cathy was silent. It seemed as if her tongue suddenly vanished and her mind froze. When she had finally gathered the courage to speak up, it was too late for the director already called for the take.

“Bye,” nang-aasar pang sabi ni Iya bago tuluyang bumalik sa set.

Naiwan si Cathy na punung-puno ng ngitngit. Alam niyang isang kanti lamang ay maaari siyang sumabog.

“O, Cathy, ano ba’ng nangyayari sa ’yo? Bakit para kang leon na inagawan ng anak?” puna ng makeup artist na si Badette nang lapitan siya. “Okay ka lang

Nights With A Stranger - Terri Dizon

ba d'yan?" Nag-aalala ito nang hindi siya kumikibo.

"I'm okay," tangi niyang tugon. "Excuse me, bababa lang ako sandali at may kukunin ako sa kotse," paalam niya at dali-daling tinungo ang pintuan.

Naglalakad pa lamang sa hallway ay hindi na niya napigilan ang pagtulo ng luha. Mabuti na lamang at mag-isa siya sa elevator dahil nagkaroon siya ng kalayaang ilabas ang luha ng galit na kanina pa nagpipilit umagos.